

KUNIN ANG TULONG PINANSIYAL NA KAILANGAN NINYO



Pinananatiling kayo ay konektado. Ang suspensyon ng mga pagdidiskonekta ng serbisyo ay pinalawig pa nang hanggang Setyembre 30, 2021.

Bagaman ang mga pansamantalang hakbang sa pagtugon sa emergency kaugnay ng COVID-19 ay natapos na, ang mga pangako namin sa aming mga kustomer ay hindi magbabago kailanman. Naririto kami upang matulungan kayo na makita ang nararapat na programang tulong para sa inyong sambahayan upang maipagpatuloy namin ang pagsuporta sa inyo sa pangmatagalang panahon.



ALAMIN ANG PINAKAMAGANDANG PROGRAMANG ANGKOP PARA SA INYO



Bawasan ang Singil sa Inyo Batay sa Inyong Kita

Maaaring maging karapat-dapat kayo para sa tulong kaugnay ng pagbabayad ng singil sa inyong kuryente batay sa kita ng inyong sambahayan.



Bayaran ang Inyong Balanse sa Loob Nang Mas Mahabang Panahon

Maaari kayong maging kwalipikado para sa 24 buwang plano na muling pagbabayad para mabigyan kayo nang mas maraming panahon upang mabayaran ang singil sa inyong kuryente o maaaring pagbigyan muna kayo sa inyong utang sa pamamagitan ng aming Programang Plano para sa Pangangasiwa ng mga Hindi Pa Nababayadan o *Arrearage Management Plan (AMP) Program*.



Samantalahin ang mga Diskwento

Makakakuha ng diskwento sa kuryente ang mga kwalipikadong kagamitang medikal o makakatipid ng kuryente mula sa mga kasangkapang matipid sa enerhiya.



Kumuha nang Isahang Beses Lamang na Tulong sa Pagbabayad

Ang mga magiging kwalipikadong kustomer ay maaaring tumanggap nang isahang beses lamang (*one-time*) na tulong na pera para sa singil sa kanilang kuryente.

HINDI PA HULI ANG LAHAT PARA HUMINGI NG TULONG

Hindi namin mahuhulaan kung ano ang mangyayari bukas. Subalit makatitayak kayo na anupaman ang mangyari, kasama ninyo ang SCE. Mula sa pamamahala ng paggamit ng inyong kuryente hanggang sa tulong para sa pagbabayad ng singil sa inyo, sakop namin kayo.

PROTEKTAHAN ANG INYONG SARILI MULA SA MGA MANLOLOKO O SCAMMERS

Habang ang mga manloloko o *scammers* na ito ay patuloy na pumupuntirya ng mga kustomer ng utilidad, gusto naming tiyakin sa inyo na mayroon kayong mga mapagkukunan at maipapaalam sa inyo kung paano kayo mananatiling ligtas.

Alamin kung paano ninyo mapoprotektahan ang inyong sarili sa [sce.com/scamalert](https://www.sce.com/scamalert).



MAGPATALA NA NGAYON PARA SA TULONG

Pag-aralang mabuti ang inyong mga opsyon at alamin kung alin ang pinakamaganda na angkop para sa inyong sitwasyon. Magpatala na ngayon sa [sce.com/findsupport](https://www.sce.com/findsupport) o tawagan kami sa 1-800-655-4555.